

WORD

¹⁸Lumapit si Jesus at sinabi, “Ibinigay sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. ¹⁹Puntahan ninyo ang mga tao sa labas ng bansa at gawin ninyo silang mga tagasunod ko. Bautismuhan niyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. ²⁰Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniuutos ko sa inyo. At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan ng mundo.” **MATEO 28:18-20**

Ibinigay ni Jesus ang huling panuntunan sa Kanyang mga disipulo matapos ang Kanyang muling pagkabuhay. Bilang mga tagasunod ni Jesus, tayo ay Kanyang inatasang tulongan ang iba pa na sumunod sa Kanya. Ang ebanghelyo—ang mabuting balita tungkol sa mga ginawa ni Jesus para sa atin ay ang pinakamagandang bagay na maaari nating ibahagi sa iba. Ang pagtatago nitong katotohanan ay hindi lamang isang kasakiman—ito ay isang pagsuway sa utos. Ang mabuti dito ay ipinangako Niyang tayo ay Kanyang sasamahan sa lahat ng oras. Sa araling ito, ating titignan kung ano ang ipinag-utos ng Diyos na gawin ng Kanyang mga disipulo (kasama tayo).

1 Pumunta

*Puntahan ninyo ang mga tao sa labas ng bansa at gawin ninyo silang mga tagasunod ko. Bautismuhan niyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. **MATEO 28:19***

Ang Salita ng Diyos ay hindi lamang para sa mga taong nakakikilala na sa Kanya. Ito ay para sa mga naliligaw ng landas, sa mga may maraming suliranin, at sa mga walang mahingan ng tulong, gaya ng mga tupa na walang pastor (Mateo 9:36). Ito ay nangangahulugan ng paglabas sa mga lugar na atin nang nakagawian at kinalakihan upang maibahagi si Jesus sa iba pang tao. Alalahanin ang isang pagkakataon na iyong naibahagi ang Magandang Balita ni Kristo, bagamat hindi ka sigurado sa iyong mga nasabi. Ano ang nangyari?

.....

.....

.....

2 Gumawa ng mga tagasunod ni Kristo

*Puntahan ninyo ang mga tao sa labas ng bansa at gawin ninyo silang mga tagasunod ko. Bautismuhan niyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. **MATEO 28:19***

Ang paggawa ng mga disipulo ay ang pagtulong sa ibang tao na sumunod kay Jesus. Sinasabi natin sa kanila ang ginawa ni Jesus sa krus at nais natin na tulongan sila sa kanilang pagsunod sa Diyos. Kasama dito ang pagtuturo ng mga pangunahing saligan ng pananampalataya gaya ng pagsunod sa Panginoon, pagsisisi, bautismo, at pagsasama sa simbahan. Sino ang tumulong sa iyo na sumunod kay Jesus? Ano ang natutunan mo sa taong ito patungkol sa pagsunod kay Jesus?

.....

.....

.....

3 Magturo

*Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniuutos ko sa inyo. At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan ng mundo. **MATEO 28:20***

Kung ating tutulungan ang ibang tao na sumunod kay Jesus, atin silang tuturuan na sumunod sa Kanyang mga kautusan. Ang pagiging Kristiyano ay hindi lamang tungkol sa pagtanggap sa ginawa ni Jesus para sa atin—ito rin ay tungkol sa pagtugon sa Magandang Balita ni Kristo at sa paraan ng pamumuhay natin para sa Kanya. Gaya ng pagtuturo ng ibang tao sa atin, tayo rin ay inatasang magturo sa iba ng mga bagay na patungkol sa Diyos (2 Timoteo 2:2). Sino ang kasalukuyan mong tinuturuan na sumunod sa lahat ng ipinag-utos sa atin ni Jesus?

.....

.....

.....